# Salitang buhay

gabay ng mga nagmimisyong lingkod ng Panginoon



Ikalabing-apat na Linggo pagkaraan ng

# Pentekostes

Taon B | Agosto 25, 2024 | Luntian

**PANIMULA**

*Namumuno* Magandang araw po sa ating lahat, ngayon po ay nagdiriwang tayo ng Ikalabing-apat na Linggo pagkaraan ng Pentekostes.

Totoong marami sa atin sa panahon ngayon ay nagtatanong at naghahanap ng katotohan ukol sa Diyos. Subalit ang katotohanang hinahanap natin ay hindi malayo sa atin, Siya ay kasa-kasama nating namumuhay. Ngunit marami pa rin ang mayroong pag-aalinlangan ukol sa Kanya at sa Kanyang pagka-Diyos—si Hesus na Siyang tinutukoy ni San Juan Ebanghelista. Marami ang tumalikod sa Kanya gayong binabanggit ang katotohanan ukol sa Diyos at sa kaligtasan sa pamamagitan ng Mabuting Balita. Hinahanap, ngunit di masumpungan ito ng mga nakararami at ito'y sa dahilan ng kanya-kanyang interpretasyon

ukol sa Banal na Kasulatan. Kaya't mas hangarin nating makatagpo ang Panginoong Hesus sa bawat araw ng ating buhay kaysa magkaroon tayo ng pag-aalinlangan sa Kanya.

*Tatayo ang lahat para sa pagsisimula ng Banal na Misa.*

**PANALANGING PAMBUNGAD**

*Pari* O Ama, pinag-iisa Mo ng isip at damdamin ang mga tapat sa Iyo: Ipagkaloob Mong mahalin ng Iyong bayan ang Iyong ipinag-uutos at naisin ang mga ipinangangako Mo upang sa gitna ng mga ligalig ng buhay ay huwag naming kalimutan ang kaligayahang walang-hanggan na sa Iyo lamang makakamtan; alang-alang kay Hesukristo na aming Panginoon, na nabubuhay at naghaharing kasama Mo, at ng Espiritu Santo, iisang Diyos, ngayon at magpakailanman. *Amen.*

*Uupo ang lahat upang pakinggan ang mga pagbasa.*

**UNANG PAGBASA |** Josue 24:1-2; 14-18 **|**

*Malinaw na itinuturo sa atin ng mga propeta na tayo'y kailangang sumunod sa Diyos at atin Siyang tapat na paglingkuran at talikuran ang diyus-diyusang sumasakop sa ating buhay, at sino itong mga diyus-diyusan? Ang materyalismo na siyang nag uudyok sa paglayo sa Panginoon.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula aklat ni Josue.**

Noong mga araw na iyon. tinipon ni Josue sa Siquem ang lahat ng lipi. Pagkatapos, tinawag niya ang matatanda, ang mga hukom, ang mga pinuno at mga tagapangasiwa sa Israel, at sila'y humarap kay Yahweh. Sinabi niya: "Ito ang

ipinasasabi sa inyo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: 'Noong una, ang inyong mga ninuno ay nakatira sa kabila ng Ilog Eufrates. Isa sa mga ito si Tare na ama ni Abraham at ni Nacor. Sumasamba sila sa ibang diyus-diyusan. Kaya naman ngayon, sambahin ninyo si Yahweh at paglingkuran ninyo siya nang tapat. Kalimutan na ninyo ang mga diyus-diyusang dating sinasamba ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia at sa Egipto. Si Yahweh lamang ang inyong paglingkuran. At kung ayaw ninyong maglingkod kay Yahweh, sabihin ninyo kung kanino kayo maglilingkod: sa diyus-diyusang sinamba ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia, o sa mga diyus-diyusan ng mga Amorreo, na sinasamba dito sa lupaing inyong tinatahanan. Ngunit ako at ang aking angkan ay kay Yahweh lamang maglilingkod." Sumagot ang bayan: "Wala kaming balak na talikuran si Yahweh at maglingkod sa mga diyus-diyusan. Si Yahweh, na ating Diyos ang siyang humango sa atin sa pagkaalipin sa Egipto. Nasaksihan din namin ang mga kababalaghang ginawa niya upang tayo'y maingatan saanman tayo mapadako at mailigtas sa mga kaaway na ating nadaanan. Pagdating natin, pinalayas niya sa lupaing ito ang mga Amorreo, ang lahing nakatira dito. Kaya't kami rin ay kay Yahweh maglilingkod. Siya ang ating Diyos."

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
*Bayan* ***Salamat sa Diyos.***

**SALMO RESPONSORIO |** Awit 34 **|**

**KINUKUPKOP NG DIYOS ANG MGA MATUWID AT ANG TAGHOY NILA'Y KANYANG DINIRINIG**

*Namumuno* Kinukupkop ng Diyos ang mga matuwid at ang taghoy nila'y kanyang dinirinig. Nililipol niya yaong masasama hanggang sa mapawi sa isip

ng madla. Agad dinirinig daing ng matuwid iniliiligtas sila sa mga panganib. **TUGON.**

*Namumuno* Tumutulong siya sa nasisiphayo ang walang-pag-asa'y hindi binibigo. Ang taong matuwid, masuliranin man, sa tulong ni Yahweh, agad maiibsan. Kukupkupin siya nang lubus-lubusan, kahit isang buto'y hindi magagalaw. **TUGON.**

*Namumuno* Ngunit ang masama, ay kasamaan din sa taglay na buhay ang siyang kikitil. Mga lingkod niya'y kanyang ililigtas, sa napakukupkop, siyang mag-iingat! **HULING TUGON.**

**IKALAWANG PAGBASA |** Efeso 5:21-32 **|**

*Ang pagsunod at pagmamahal sa Diyos ay tulad din ng pagmamahalan ng dalawang mag-asawa. Kung minamahal ng asawang lalaki ang kanyang asawang babae ito'y pagmamahal na rin sa sarili at pagpapakita na rin ng pagmamahal sa Diyos. Kagaya ng pagmamahal na inialay ni Kristo sa Simbahan, iniaalay Niya ang Kanyang Katawan at Dugo upang maging matibay na pundasyon ng pananampalatayang Kristiyano.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga – Efeso.**

Mga kapatid, pasakop kayo sa isa't isa tanda ng inyong paggalang kay Kristo. Mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Kristo na siyang ulo ng simbahan, na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. Kung paanong nasasakop ni Kristo ang simbahan, gayon din naman, ang

mga babae'y dapat pasakop nang lubusan sa kani-kanilang asawa. Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, gaya ng pag-ibig ni Kristo sa simbahan. Inihandog niya ang kanyang buhay para rito, upang ang simbaha'y italaga ng Diyos matapos linisin sa pamamagitan ng tubig at ng salita. Ginawa niya ito upang maiharap sa kanyang sarili ang simbahan, marilag, banal, walang batik at walang anumang dungis o kulubot. Dapat mahalin ng mga lalaki ang kani-kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. Walang taong namumuhi sa sarili niyang katawan, bagkus ito'y pinakakain at inaalagaan, gaya ng ginagawa ni Kristo sa simbahan. Tayo'y mga bahagi ng kanyang katawan. "Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at magsasama sila ng kanyang asawa; at sila'y magiging isa." Isang dakilang katotohanan ang inihahayag nito ang kaugnayan ni Kristo sa simbahan ang tinutukoy ko.

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Salamat sa Diyos.***

*Tatayo ang lahat sa Banal na Ebanghelyo ng Panginoon.*

**ANG EBANGHELYO |** Juan 6:60-69 **|**

*Aleluya!, Aleluya! Ibalik mo kami, Panginoong Diyos, at ipadama mo ang 'yong pagmamahal, iligtas mo kami, at sa iyong sinag kami ay tanglawan. Aleluya, Aleluya!*
***-Awit 80:3***

*Pari* Ang Panginoon ay sumainyo.
***Bayan*** ***At sumaiyo rin.***

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan.
***Bayan*** ***Luwalhati sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

Noong panahong iyon, marami sa mga alagad ni Hesus ang nagsabi, “Mabigat na pananalita ito; sino ang makatatanggap nito?” Alam ni Hesus na nagbubulung-bulungan ang kanyang mga alagad tungkol dito, kaya’t sinabi niya, “Dahil ba rito’y tatalikuran na ninyo ako? Gaano pa kaya kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng Tao sa dati niyang kinaroroonan? Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi ito magagawa ng laman. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay Espiritu at buhay. Ngunit may ilan sa inyong hindi nananalig sa akin.” Sapagkat talastas ni Hesus buhat pa noong una kung sinu-sino ang hindi nananalig sa kanya, at kung sino ang magkakanulo sa kanya. Idinugtong pa niya, “Iyan ang dahilan kaya ko sinabi sa inyo na walang makalalapit sa akin malibang loobin ito ng Ama.” Mula noo’y marami sa kanyang mga alagad ang tumalikod at hindi na sumama sa kanya. Kaya’t tinanong ni Hesus ang Labindalawa, “Ibig din ba ninyong umalis?” Sumagot si Simon Pedro, “Panginoon, kanino po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Naniniwala kami at ngayo’y natitiyak naming kayo ang Banal ng Diyos.”

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Papuri sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

*Isusunod ang Homilya at ipagpapatuloy sa Liturhiya ng Banal na Eukaristiya.*

**PANALANGIN NG BAYAN**
*Luluhod ang lahat.*

*Pari* Si Hesus ay isang tapat at masintahing pastol. Ang Kanyang pangaral ay may kaakibat na paghamon, lalong higit ang turo Niya sa hiwaga ng Eukaristiya. Batid ang ating kahinaan, tayo’y

magsumamo: ***Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa Iyo.***

*Lektor* Nawa'y ang Simbahan, sa pamumuno ng kahalili ni Pedro, ay tuwinang manatiling tapat sa Pakikipagtipan sa Panginoon. Manalangin tayo. ***Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa Iyo.***

*Lektor* Nawa'y palagiang maalaala ng mga Kristiyano na natutuksong sumunod sa masamang halimbawa ng mga taong di-tapat at imoral ang kanilang mga pangako sa bautismo. Manalangin tayo. ***Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa Iyo.***

*Lektor* Nawa'y sa pamamagitan ng tapat na pagmamahalan, ang mga mag-asawa'y magpatotoo sa pagmamahal na nagbubuklod kay Kristo at sa Simbahan. Manalangin tayo. ***Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa Iyo.***

*Lektor* Nawa'y isantabi ng mga di naniniwala sa presensiya ni Kristo sa Eukaristiya ang kanilang pangangatuwiran at pakumbabang tanggapin ang turo ni Kristo sa bagay na ito. Manalangin tayo. ***Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa Iyo.***

*Lektor* Nawa'y lahat tayo ay manatiling tapat kay Hesus, kahit na marami ang tumatanggi sa Kanyang turo at tumitiwalag sa Simbahan. Manalangin tayo. ***Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa Iyo.***

*Lektor* Para sa lahat ng may panunungkulang pampulitika: Nawa'y lagi silang nakatuon sa paglilingkod, at sa pagkilos para sa wastong paglaganap ng lipunan at sa kapakanang pangkalahatan, lalo na sa pangangalaga para sa mahihirap at mga nawalan ng ikabubuhay. Manalangin tayo. ***Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa Iyo.***

*Lektor* Sa katahimikan, idalangin natin ang ating mga pansariling kahilingan.

*Maglaan ng sandaling katahimikan.*

*Pari* Manalangin tayo.

Panginoon ng lahat ng katotohanan at kaaliwan, kahit na Ikaw ay iwan ng lahat dahil sa Iyong mga kahingian, di kami titigil na sumamba, magmahal, at maglingkod sa Iyo, pagkat Ikaw lamang ang may salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan, at nabubuhay at naghahari magpakailanman. *Amen.*